
Junior/Senior high school student version

# \Mabuti at may nakausap ako!/




**Mapapanood din sa video (YouTube)!**

(May pangganyak na message mula sa taong nakaranas na maging young carer, na mapapanood lamang sa video version)

## Kapag naisip na gustong magkonsulta...

Kung nahihirapang magkonsulta nang mag-isa, sabihin ito sa tao sa iyong paligid.

### ● Counter para sa konsultasyon ng munisipalidad

Ibinabahagi sa website ang impormasyon tungkol sa numero ng telepono ng mga counter para sa konsultasyon ng city hall, town office at village office sa loob ng Aichi Prefecture.

### ● Numero para lamang sa konsultasyon sa Child Guidance Center [matatawagan 24 oras araw-araw]

☎ 0120-189-783 (Makokonekta sa malapit na Child Guidance Center)

### ● 24 oras na Numero para sa SOS ng mga Bata [matatawagan 24 oras araw-araw]

☎ 0120-0-78310

### ● Emergency Number 110 para sa Karapatan ng mga Bata [Weekdays 8:30 am - 5:15 pm]

☎ 0120-007-110

Tagapangasiwa: Kie Nojiri (Propesor, Faculty of Social Welfare, Nihon Fukushi University)

**Children and Families Division, Bureau of Public Welfare ng Aichi Prefectural Government**

Telepono 052-954-7468 FAX 052-971-5889 e-mail jidoukatei@pref.aichi.lg.jp

Inilathala: Disyembre 2022

\Alam ba ninyo?/

# Tungkol sa Young Carer



Aichi Prefectural Government

# Sino ang tinataguriang young carer?



## Kaso ni A, 2nd year junior high school student




Tinig ng dating young carer

Sa totoo lang, gusto kong lumabas para gumala, pero hindi ko iyon nagawa. Naging madalas na nakakatulog ako habang may klase, at napansin iyon ng teacher sa eskuwela.

## Kaso ni B, 2nd year senior high school student




Tinig ng dating young carer

Ang *kodomo shokudo* (children's cafeteria) ay naging lugar para mag-aral kung saan puwede kong isama ang mga kapatid ko. Habang nag-aaral ako, inalagaan nila ang mga kapatid ko.

# Mga bagay na nalaman mula sa Pagsusuri ng Aichi Prefectural Government

Sa pagsusuring isinagawa ng Aichi Prefectural Government, nalamang mga 1 sa 9 na 2nd year junior high school student, at 1 sa 14 na 2nd year senior high school student ang may pamilyang inaalagaan.
Kasama rito ang mga "young carer" na halos araw-araw nag-aalaga ng pamilya, na nakakasagabal sa araw-araw na pamumuhay. At mga 70% ng mga bata ang sumagot ng "Hindi ko alam ang salitang young carer."



Baka kaya maagang umuuwi si A...



Baka naman...








Baka kaya nag-aabsent si B sa eskuwela paminsan-minsan...


## Hindi kaya siya young carer? Pagsusuri ng Aichi Prefectural Government ng tinig ng mga bata

**2nd year junior high school student**

Naaangkop bang ituring kang young carer?





Dalas ng pag-aalaga sa pamilya





(Ang average na oras na nag-aalaga ay 3.7 hours)

**2nd year senior high school student**

Naaangkop bang ituring kang young carer?




Dalas ng pag-aalaga sa pamilya




(Ang average na oras na nag-aalaga ay 2.8 hours)

## Halimbawang larawan ng young carer



Nag-aasikaso sa pamamalengke, pagluluto, paglilinis, paglalaba at iba pang gawaing-bahay, sa halip ng pamilyang may kapansanan o sakit



Nag-aalaga sa nakababatang kapatid, sa halip ng pamilya



Iniintindi ang pamilyang kailangang subaybayan, tulad ng pagbabantay, pakikipag-usap at iba pa sa kanila



Nag-aalaga sa pamilyang may chronic illness tulad ng cancer, sakit na walang lunas, mental na karamdaman at iba pa



Nag-iinterpret para sa pamilyang hindi Nihongo ang unang wika o pamilyang may kapansanan



Tinutulungan sa paliligo at toilet ang pamilyang may kapansanan o sakit



Nakikitungo sa pamilyang may problema sa alkohol, drugs o pagsusugal



Nagtatrabaho para suportahan ang pamilya, at tinutulungan ang pamilyang may kapansanan o sakit

## Malubhang bagay, mahirap na bagay



- Dahil maraming gawaing-bahay at iba pang tungkulin, palaging pagod ang aking katawan.
- Nakaramdam ako ng inferiority complex dahil iba ang pamumuhay ko sa mga kaibigan ko.
- Gusto ko sanang may adult na tatanggap sa akin sa paligid ko.



## Pagkakaiba nito sa pagtulong

- ☑ Kailangan ng hindi kakaunting oras sa araw-araw para sa pag-aalaga ng pamilya, at nakakasagabal ito sa pag-aaral, mga aktibidad ng club, at pakikihalubilo sa mga kaibigan
- ☑ Nagpapasan ang bata ng mabigat na responsibilidad na kailangan nilang pagpasyahan kahit kung tutuusin dapat adult ang magpasya
- ☑ Upang maipagpatuloy ang pag-aalaga ng pamilya, hindi maisip na aalis sa bahay sa hinaharap

## Sa iyong nagpapasan ng maraming gawaing-bahay

**Hindi kasalanan** ng tinutukoy na tao o ng kanyang pamilya ang problema ng young carer.



Okey lang na iasa ang gawaing-bahay sa **ibang tao na hindi mo pamilya**.

Hindi pagpapabaya sa iyong pamilya, o pagiging makasarili ang pag-iisip tungkol sa **sarili mong kinabukasan**.

### Message para sa mga young carer

Kahanga-hanga ang pagsisikap mo para sa iyong pamilya. Magkasama tayong mag-isip tungo sa pagtupad ng iyong pangarap.



Teacher sa eskuwela

Hindi mo iyon kasalanan o kasalanan ng iyong pamilya.
Hindi kahinaan ang pagkonsulta tungkol sa pinoproblema.
Ang pakikipaglaro sa kaibigan, pagpasok sa eskuwela, lahat nito ay puwede mong ituring na mahalaga katulad ng iyong pamilya.



Tao sa pamayanan

Okey lang na sabihing mahirap kung talagang mahirap. Huwag mong kimkimin sa sarili mo lang, kundi magkonsulta rin sa amin.




School social worker

Kung may pinoproblema rin ang tao sa inyong pamilya, o kung sa tingin ninyo ay tinutukoy ang inyong tahanan o anak, huwag mag-atubiling magkonsulta sa amin.



## Sa lahat ng mga nasa piling ng young carer

**Subukang isipin** na baka dahil sa kalagayan ng tahanan kaya hindi siya palakaibigan.







Maaari ring makatulong **kahit pakinggan lang ang gusto niyang sabihin**.

### Sa lahat ng mga adult na may kaugnayan sa mga bata

Sa mga young carer, may mga batang nag-aasikaso sa mga gawaing-bahay kahit na oras na may eskuwela, dahil sa pagkapagod doon madalas nag-aabsent sa eskuwela, o nakakalimot ng homework. Kung may bata sa paligid ninyong "mukhang nahihirapan" o "baka young carer" sa tingin ninyo, pakinggan muna ninyo ang kanyang sasabihin. Kung kailangan ng suporta o kapag hindi alam kung ano ang dapat gawin, hinihiling namin na magkonsulta o magbigay ng impormasyon sa teacher sa eskuwela o tagasuportang institusyon sa pamayanan.